



ABISO NG MGA KASANAYAN SA PRIVACY NG ALAMEDA ALLIANCE FOR HEALTH (ALLIANCE)

Ang abiso ay naaangkop sa lahat ng miyembro ng Alameda Alliance for Health (Alliance), pati sa mga nakatala sa Panggrupong Pangangalaga ng Alliance, Alliance Medi-Cal (Medicaid), at sa Dual Eligible Special Needs Plan (D-SNP) ng Organisasyon sa Pagpapanatili ng Kalusugan (Health Maintenance Organization, HMO) ng Alameda Alliance Wellness.

Makakakuha ng pahayag tungkol sa mga patakaran at pamamaraan ng Alliance sa pagpapanatili ng mga medikal na talaan na kumpidensyal (pribado) kapag hiniling. Ipinapaliwanag ng abisong ito kung paano puwedeng gamitin at ibahagi ang medikal na impormasyon tungkol sa iyo, at kung paano mo ito maa-access. Basahin ito nang mabuti.

Sa abisong ito, tumutukoy ang terminong “Alliance,” “kami,” “namin,” at “amin” sa Alliance at sa mga affiliate (partner) nito.

Nangangako ang Alliance na papanatilihin nitong kumpidensyal ang iyong impormasyon. Alinsunod sa iniaatas ng batas, dapat panatilihin ng Alliance ang privacy ng iyong impormasyon at dapat ka nilang bigyan ng abiso tungkol sa aming mga legal na tungkulin at kasanayan sa privacy. Ipinapaliwanag sa iyo ng abisong ito kung paano puwedeng gamitin at ibahagi ng Alliance ang iyong impormasyon. Ipinapaliwanag din sa iyo ng abisong ito ang mga karapatan mo at ang aming mga legal na tungkulin sa iyong impormasyon. Sumusunod ang Alliance sa mga batas sa mga karapatang sibil ng pederal.

Hindi nag-iiba ang pakikitungo (nandidiskrimina) ang Alliance batay sa:

- Edad
- Kulay
- Kapansanan
- Etnisidad
- Kinikilalang kasarian
- Wika
- Pinagmulang bansa
- Lahi
- Kasarian
- Sekswal na oryentasyon

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa abisong ito o kung gusto mong tulungan ka naming gamitin ang iyong mga karapatan, tumawag o sumulat sa amin. Puwede mo ring hingin ang abisong ito sa gusto mong wika o sa iba pang alternatibong format nang walang bayad.

Para sa mga miyembro ng Panggrupong Pangangalaga ng Alliance at Medi-Cal:

Attn: Member Services Department
Alameda Alliance for Health
1240 South Loop Road
Alameda, CA 94502

Numero ng Telepono: **1.510.747.4567**

Walang Bayad: **1.877.932.2738**

Kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti (CRS/TTY): **711/1.800.735.2929**

Para sa mga miyembro ng Alameda Alliance Wellness:

Attn: Alameda Alliance Wellness Member Services Department
Alameda Alliance for Health
1240 South Loop Road
Alameda, CA 94502

Pitong (7) araw sa isang linggo, 8 am – 8 pm

Walang Bayad: **1.888.88A.DSNP (1.888.882.3767)**

Kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti, gamitin ang TTY **711** o tumawag sa **1.800.735.2929**

A. Mga Uri ng Impormasyong Pinapanatili ng Alliance

Makatanggap ang Alliance ng pinoprotektahang impormasyon sa kalusugan (PHI) na nagbibigay ng iyong pagkakakilanlan. Puwedeng kasama rito ang iyong pangalan, impormasyon sa pakikipag-ugnayan, mga personal na detalye, at impormasyon ng pananalapi. Magmumula ang impormasyong ito sa mga ahensya ng estado, pederal, at lokal pagkatapos mong magkwalipika o sumali sa isang programa ng Alliance. Ang Alliance ay nakatanggap din ng PHI mula mismo sa iyo at sa mga provider mo ng pangangalagang pangkalusugan, gaya ng mga doktor, klinika, ospital, laboratoryo, at iba pang kumpanya ng insurance o tagapagbayad. Ginagamit ng Alliance ang impormasyong ito para mapamahalaan ang iyong pangangalaga, mabayaran ang mga serbisyo, mapabuti ang iyong pangangalagang pangkalusugan, at makaugnayan ka.

Hindi ginagamit ng Alliance ang impormasyon ng iyong genetics para gumawa ng mga pasya sa iyong saklaw o gastusin sa pangangalagang pangkalusugan.

Puwedeng makatanggap ang Alliance ng impormasyon tungkol sa iyong lahi, etnisidad, sekswal na oryentasyon, kalagayan ng kapansanan, o wika. Puwedeng gamitin ng Alliance ang impormasyong ito para suportahan ang iyong pangangalaga, makaugnayan ka, at matukoy ang iyong mga pangangailangan, gaya ng magbigay ng mga materyales na pangkaalaman sa gusto mong wika at mag-alok ng mga libreng serbisyo sa pag-interpret. Ginagamit at ibinabahagi ng Alliance ang impormasyong ito ayon sa inilalarawan sa abisong ito.

Kung nakatala ka sa isang Medicare Advantage (MA) o Dual Eligible Special Needs Plan (D-SNP), matatanggap ng Alliance ang iyong impormasyon sa kalusugan mula sa Medicare at iba pang ahensya ng pamahalaan. Ang impormasyong ito ay puwedeng kabilangan ng iyong pangalan, numero ng ID sa Medicare, petsa ng kapanganakan, status ng pagpapatala, at mga sinasaklaw na serbisyo. Tumutulong ito sa iyo na pamahalaan ang iyong pangangalaga at mga benepisyo.

Abiso ng Mga Kasanayan sa Privacy ng Alliance

Puwedeng dumepende sa programa ang uri ng impormasyong kinokolekta ng Alliance. Bukod sa iyong address at numero ng telepono, puwedeng mangolekta ang Alliance ng mga personal na detalye gaya ng iyong edad, lahi, etnisidad, kasarian, sekswal na oryentasyon, kalagayan ng kapansanan, at gustong wika. Puwede ring kolektahin at panatilihin ng Alliance ang iyong impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan (na tinatawag ding PHI).

Puwedeng kasama rito ang:

- Mga diagnosis at kundisyon sa kalusugan
- Mga resulta sa laboratoryo
- Mga medikal na napag-alaman
- Medikal na kasaysayan
- Mga Reseta
- Mga provider na tumitingin sa iyo

Puwedeng mangolekta ang Alliance ng impormasyon tungkol sa anumang klase sa kalusugan at wellness na sinasalihan mo, iyong paglahok sa iba pang programa o plano sa kalusugan, at mga pinansyal na dokumentong isusumite mo kapag nag-apply ka para sa saklaw.

Gagamitin lang ang iyong impormasyon para magbigay ng pangangalaga, magproseso ng mga pagbabayad, pamahalaan ang mga benepisyo mo sa plano, at matugunan ang mga legal at pampangasiwaang panuntunan. Hindi ginagamit ng Alliance ang alinman sa impormasyong ito para gumawa ng mga pasya sa iyong saklaw o gastusin sa pangangalagang pangkalusugan.

Poprotektahan ng Alliance ang iyong PHI. Pinapanatiling pribado at secure ng Alliance ang PHI ng mga kasalukuyan at dating miyembro. Iniaatas ito ng batas at ng mga pamantayan sa accreditation (pag-apruba). Gumagamit ang Alliance ng mga pisikal at electronic na hakbang (pag-iingat) na panseguridad para maprotektahan ang iyong impormasyon. Regular na sinasanay ang aming mga staff sa tamang paraan ng paggamit at pagbabahagi ng PHI. Kasama sa ilan sa mga paraan ng pagprotekta ng Alliance sa iyong PHI ang pag-secure sa mga tanggapan, pag-lock sa mga desk at filing cabinet, paglalagay ng password sa mga computer at electronic device, at paglimita ng access sa impormasyong kailangan lang ng staff para sa kanilang trabaho.

May ilang impormasyon tungkol sa paggamot ng disorder sa paggamit ng substance (SUD) na may mga karagdagang panuntunan sa privacy sa ilalim ng batas ng pederal. Kung nakatanggap ka ng paggamot ng SUD mula sa isang programang may pondo mula sa pederal, posibleng pinoprotektahan ng batas na tinatawag na 42 Kodigo ng Mga Regulasyon ng Pederal (Code of Federal Regulations, CFR) Bahagi 2 ang ilang talaan tungkol sa pangangalagang iyon.

B. Paano Puwedeng Gamitin o Ibahagi ng Alliance ang Iyong Impormasyon

Puwedeng gamitin at ibahagi ng Alliance ang PHI sa mga sumusunod na paraan:

- Paggamot – Puwedeng gamitin at ibahagi ng Alliance ang PHI sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan at serbisyo gaya ng mga doktor, ospital, supplier ng matibay na medikal na kagamitan (durable medical equipment, DME), at iba pa. Ito ay para masuportahan ang iyong pangangalaga, maisaayos ang mga serbisyo, at makapagbigay ng impormasyong makakatulong sa paggamot mo.

- Pagbabayad – Puwedeng gamitin at ibahagi ng Alliance ang iyong PHI sa mga provider, organisasyon para sa serbisyo, at iba pang insurer o tagapagbayad para magproseso ng mga kahilingan sa pagbabayad at mabayaran ang mga serbisyo sa kalusugan na natatanggap mo.
- Mga Operasyon sa Pangangalagang Pangkalusugan – Puwedeng gamitin at ibahagi ng Alliance ang iyong PHI bilang bahagi ng pagpapatakbo namin sa aming organisasyon at mga programa. Kasama rito ang mga aktibidad gaya ng mga pag-audit, pagpapaganda ng kalidad, pamamahala ng pangangalaga, at koordinasyon. Puwede ring ibahagi ng Alliance ang PHI sa mga ahensya ng Estado, Pederal, at County para malaman kung kwalipikado ka, makumpirmang ikaw ay nasa programa, at masubaybayan ang programa.

Mga halimbawa ng kung paano ginagamit ng Alliance ang PHI:

1. Pagbibigay ng iyong impormasyon sa mga doktor o ospital para sa pagkumpirma ng mga benepisyo, copay, naibabawas, advanced na pag-apruba ng pangangalaga o mga referral, at pagpoproseso at pagbabayad ng mga claim para sa mga natanggap mo nang serbisyo.
2. Pagsusuri at pagpapaganda sa kalidad ng iyong pangangalaga, mga serbisyo, at pagganap ng provider, at pagsuporta sa mga pagsisikap sa pagpapaganda ng kalidad gamit ang data, alinsunod sa Batas sa Portability at Accountability ng Insurance sa Kalusugan (Health Insurance Portability and Accountability Act, HIPAA).
3. Pag-aalok sa iyo ng kaalaman sa kalusugan o mga pansuportang serbisyo, gaya ng pamamahala ng mga pabalik-balik na kundisyon, mga programa sa wellness at diabetes, o klase sa fitness.
4. Pagpapaalala sa iyo ng mga regular na screening o check-up para sa kalusugan. Maliban na lang kung sasabihan mo kami, puwedeng mag-iwan ng mga paalala sa iyong voicemail o sa isang taong sasagot sa telepono.
5. Pagbabahagi ng iyong impormasyon sa mga associate sa negosyo (partner) na nagbibigay ng mga serbisyo para sa amin. Ang mga associate na ito sa negosyo ay inaatasan ng pederal at batas ng California na protektahan ang iyong impormasyon. Puwede lang nila itong gamitin o ibahagi kung pinapahintulutan ito ng kasunduan nila sa amin o ng mga naaangkop na batas.
6. Pakikipag-ugnayan sa iyong mga kapamilya, personal na kinatawan, o tagapag-alaga tungkol sa iyong lokasyon, pangkalahatang kundisyon, o pagkamatay, pati kung may sakuna. Kung wala kang kakayahang sumang-ayon o tumutol, puwedeng gamitin ng Alliance ang aming propesyonal na panghuhusga para tukuyin kung makakabuti sa iyo na ibahagi ang impormasyon mo.
7. Pagsasagawa ng mahahalagang operasyon sa pangangalagang pangkalusugan gaya ng mga legal na serbisyo, internal na pag-audit, imbestigasyon para sa panloloko, pagpapalano ng negosyo, at pangkalahatang aktibidad sa pamamahala.
8. Pagbabahagi ng iyong impormasyon para sa pananaliksik kapag pinapahintulutan ng batas nang walang nakasulat na pahintulot.
9. Pakikipag-ugnayan sa iyo tungkol sa mga produkto o serbisyo. Hindi gagamitin o ibabahagi ng Alliance ang iyong impormasyon para sa marketing nangangailangan ng pahintulot mo maliban na lang kung magbibigay ka ng nakasulat na pahintulot.

10. Pagsunod sa mga iniaatas ng batas at pamahalaan, pati sa mga kautusan ng hukuman o pang-administratibong kautusan, subpoena, o warrant.
11. Pakikipagtulungan sa mga tagapagpatupad ng batas para sa mga awtorisado (naaprubahan) na layunin gaya ng paghahanap ng nawawalang indibidwal.
12. Pagbabahagi ng impormasyon para sa mga espesyal na function ng pamahalaan gaya ng militar, seguridad ng bansa, o kustodiya para sa pagwawasto, ayon sa iniaatas ng batas.
13. Pagbabahagi ng impormasyon sa mga ahensya para sa pagsubaybay ng kalusugan para sa mga pag-audit, imbestigasyon, inspeksyon, paglilisensya, at iba pang legal na tungkulin sa pagsubaybay.
14. Pag-uulat sa mga awtoridad sa kalusugan ng publiko para sa mga legal na awtorisado (naaprubahan) na layunin, gaya ng pagkontrol ng sakit, pagsubaybay sa mga resulta ng gamot, at pagpigil sa pagkalat ng sakit.
15. Pag-uulat ng hinihinalang pang-aabuso o kapabayaan sa bata, nakatatanda, o dependent na nasa hustong gulang sa mga pamproteksyong serbisyo o iba pang ahensya ng pamahalaan ayon sa iniaatas ng batas.
16. Pagbabahagi ng iyong impormasyon sa mga insurer kapag nagsusuri ng aplikasyon sa planong pangkalusugan.
17. Pagbabahagi ng impormasyon sa iyong employer kapag lang may pahintulot mo o kapag iniaatas ng batas, para sa mga medikal na claim na nauugnay sa trabaho o pagsubaybay ng kalusugan sa lugar ng trabaho.
18. Pagtulong sa mga coroner, medikal na tagasuri, o tagapangasiwa ng punerarya na tukuyin ang pagkakakilanlan ng isang pumanaw na indibidwal, alamin ang sanhi ng pagkamatay, o para magawa ang kanilang mga tungkulin.
19. Pagsuporta ng mga serbisyo sa pag-donate at pag-transplant ng organ, mata, o tissue sa pamamagitan ng pagbabahagi ng impormasyon sa mga awtorisado (naaprubahan) na organisasyon.
20. Pagtulong sa pagtiyak ng kaligtasan ng produkto sa pamamagitan ng pag-uulat ng mga isyu sa mga gamot, medikal na device, o iba pang produkto sa Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot (Food and Drug Administration, FDA) ng U.S.
21. Pagbabahagi ng impormasyon mo sa iyong legal na tagapangalaga, conservator, o personal na kinatawan na awtorisado (naaprubahan) ng batas na kumilos para sa iyo.
22. Pagbibigay ng ilang partikular na impormasyon sa iyo sa pamamagitan ng isang third-party application na pipiliin mo, ayon sa Mga Panuntunan sa Interoperability ng pederal. Hindi na responsibilidad ng Alliance ang iyong data sa oras na maibahagi ito sa isang third-party application ayon sa kahilingan mo.
23. Pagbabahagi ng iyong impormasyon sa kalusugan sa pamamagitan ng Mga Palitan ng Impormasyon sa Kalusugan (Health Information Exchange, HIE) na nagbibigay-daan sa mga provider at opisyal para sa kalusugan ng publiko na magsaayos ng pangangalaga at makaiwas sa mga duplicate na serbisyo. Puwede mong hilinging mag-opt out. May ilang sensitibong talaan na puwedeng mangailangan ng iyong direktang pahintulot bago maibahagi.
24. Pagsali sa Data Exchange Framework (DxF) ng California, na nagbibigay-daan sa secure na pagbabahagi ng impormasyon sa kalusugan at serbisyong panlipunan sa mga organisasyon sa pangangalagang pangkalusugan, ahensya ng pamahalaan, at programa sa komunidad,

ayon sa iniaatas ng batas ng estado. Para matuto pa, bumisita sa
<https://www.cdii.ca.gov/committees-and-advisory-groups/data-exchange-framework>.

C. Mga Espesyal na Proteksyon para sa Mga Talaan ng Disorder sa Paggamit ng Substance (SUD)

Napapailalim ang ilang impormasyon sa kalusugan tungkol sa paggamot ng disorder sa paggamit ng substance (SUD) sa mga pag-iingat sa privacy sa ilalim ng batas ng pederal. Ang mga talaang nagpapakita na naghanap o tumanggap ang isang indibidwal ng paggamot ng disorder sa paggamit ng substance mula sa isang programang may tulong mula sa pederal ay puwedeng protektahan ng mga regulasyon ng pederal sa 42 Kodigo ng Mga Regulasyon ng Pederal (CFR) Bahagi 2.

Kapag naaangkop ang 42 CFR Bahagi 2, puwede lang gamitin o ibahagi ng Alliance ang mga talaan ng SUD kapag pinapayagan ng batas ng pederal. Sa maraming sitwasyon, hinihingi ng Bahagi 2 ang nakasulat na pahintulot ng miyembro bago gamitin o ibahagi ang mga talaan ng SUD. Totoo ito para sa mga layuning pinapahintulutan sa ilalim ng HIPAA, gaya ng paggamot, pagbabayad, o mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan.

Ang mga hakbang sa privacy para sa mga talaan ng SUD sa ilalim ng 42 CFR Bahagi 2 ay mas mahigpit kaysa sa mga nasa ilalim ng HIPAA. Kung naaangkop ang Bahagi 2 sa iyong mga talaan ng SUD, puwedeng mapailalim ang mga talaang iyon sa higit pang limitasyon sa paggamit, paghahayag, at muling paghahayag na higit pa sa inilalarawan sa ibang bahagi ng Abiso ng Mga Kasanayan sa Privacy na ito.

Kung iniaatas ng batas, ang pagbabahagi ng mga talaan ng SUD nang may pahintulot ay may kasama dapat na pahayag na hindi nagpapahintulot sa muling paghahayag (muling pagbabahagi), maliban na lang kung pinapahintulutan ito ng ibang batas.

D. Kailan Hindi Puwedeng Ibahagi o Gamitin ng Alliance ang Iyong Impormasyon

Maliban kung iba ang inilalarawan sa Abiso ng Mga Kasanayan sa Privacy na ito, hindi gagamitin o ibabahagi ng Alliance ang iyong impormasyon nang walang nakasulat na pahintulot mo. Kung papahintulutan mo ang Alliance na gamitin o ibahagi ang iyong impormasyon para sa iba pang layunin, puwede mong bawiin ang pahintulot mo sa pamamagitan ng pagsulat anumang oras, maliban na lang kung nagamit na namin ang iyong nakasulat na pahintulot para sa paggamit o pagbabahagi ng iyong impormasyon.

E. Puwedeng Makipag-ugnayan sa Iyo ang Alliance

Puwedeng gamitin ng Alliance ang iyong PHI para makipag-ugnayan sa iyo o sa awtorisado (naaprubahan) na kinatawan mo tungkol sa iyong mga benepisyo, serbisyo, opsyon sa provider ng pangangalagang pangkalusugan, at pagsingil. Susunod ang lahat ng komunikasyon sa mga naaangkop na batas, pati sa Batas sa Pagprotekta ng Consumer sa Telepono (Telephone Consumer Protection Act, TCPA).

Puwedeng makipag-ugnayan sa iyo ang Alliance sa mga sumusunod na paraan:

Mga Tawag sa Telepono

Kung nagbigay ka o ang iyong itinalaga ng numero ng telepono (kasama ang cell phone), puwede kang tawagan ng Alliance o ng aming mga awtorisadong partner. Puwede ka rin naming tawagan sa pamamagitan ng naka-automate na system o artipisyal na boses, kung pinapahintulutan ng batas. Puwedeng maningil ang iyong carrier para sa mga tawag na ito. Makipag-ugnayan sa kanila para sa mga detalye. Para hindi na makatanggap ng mga tawag, abisuhan ang tumatawag o hilinging maidagdag sa aming listahang Huwag Tawagan.

Mga Text Message

Kung magbibigay ng numero ng mobile, puwedeng magpadala ang Alliance ng mga text para sa mga bagay-bagay gaya ng mga paalala, available na serbisyo, o kumpirmasyon ng pagbabayad. Puwedeng inilalapat ang mga karaniwang singil sa text message. Para hindi na makatanggap ng mga text, sumagot ng "STOP" o sundin ang mga tagubilin sa pag-unsubscribe sa mensahe.

Mga Email

Kung ikaw o ang iyong itinalaga ay may ibinigay sa amin na email address, puwedeng mag-email sa iyo ang Alliance ng impormasyon tungkol sa pagpapatala, mga benepisyo, provider, at pagbabayad. Ito ay kapag lang sumang-ayon kang matanggap ito sa electronic na paraan. Tandaang kung hindi naka-encrypt (hindi secure) ang isang email, puwedeng magkaroon ng mga panganib sa privacy kapag na-access ito sa pamamagitan ng isang device na hindi secure o ginagamit din ng iba. Sa paggamit ng email, tinatanggap mo ang mga panganib na iyon at isinusuko mo ang anumang nauugnay na proteksyon. Para hindi na makatanggap ng mga email, sundan ang link sa pag-unsubscribe na kasama sa bawat mensahe.

F. Ang Iyong Mga Karapatan sa Privacy

Nagbibigay ang batas ng pederal ng mga karagdagang proteksyon sa privacy para sa mga talaan ng disorder sa paggamit ng substance (SUD). Kapag naaangkop ang mga proteksyong ito, puwedeng magkaroon ang iyong mga talaan ng SUD ng higit pang limitasyon sa kung paano puwedeng gamitin o ibahagi ang mga ito.

1. **Mga Sensitibong Serbisyo** – Kung ikaw ay nasa hustong gulang na at may kakayahang pahintulutan ang mga sensitibong serbisyo, hindi mo kailangang hingin ang pahintulot ng sinumang magulang o tagapangalaga para makatanggap ng mga sensitibong serbisyo o para magsumite ng claim para sa mga serbisyong iyon. Puwede mong hilingin sa Alliance na ipadala ang mga komunikasyon tungkol sa mga sensitibong serbisyo sa ibang mailing address, email address, o numero ng telepono na pipiliin mo. Tinatawag itong “kahilingan sa kumpidensyal na komunikasyon.” Kung papahintulutan mo ang pangangalaga, hindi ibabahagi ng Alliance ang iyong impormasyon kaugnay ng mga sensitibong serbisyo sa ibang tao nang walang nakasulat na pahintulot mo. Kung hindi ka magbibigay ng iba pang mailing address, email address, o numero ng telepono, ipapadala ng Alliance ang mga

komunikasyon sa address o numberong naka-file sa iyong pangalan.

2. Mga Kumpidensyal na Komunikasyon – Puwede mong hilingin na pribadong makipag-ugnayan sa iyo ang Alliance. Kailangan ay isumite ang kahilingang ito sa Alliance sa pamamagitan ng pagsulat. Puwede mong hilingin sa amin na makipag-ugnayan sa iyo sa isang partikular na paraan (gaya sa telepono sa bahay o tanggapan) o ipadala ang mail sa ibang address. Hindi lahat ng kahilingan ay mapagbibigyan, pero tatanggapin ng Alliance ang mga makatuwirang kahilingan. Dapat ay nakasulat ang iyong kahilingan at isaad nito kung paano at saan mo gustong makipag-ugnayan sa iyo. Kung may bayad ang iyong kahilingan, advance itong sasabihin ng Alliance. Mananatiling may bisa ang iyong kahilingan para sa mga kumpidensyal na komunikasyon hangga't hindi mo ito kinakansela o hangga't hindi ka nagsusumite ng bagong kahilingan.
3. Mga Limitasyon sa Paggamit o Pagbabahagi – Mayroon kang karapatang humiling ng limitasyon sa ilang partikular na paggamit at pagbabahagi ng iyong impormasyon. Puwede mo itong gawin sa pamamagitan ng isang nakasulat na kahilingang nagsasaad sa gusto mong limitahan at kung paano mo gustong limitahan ang paggamit at pagbabahagi namin nito. Hindi inaatasan ang Alliance na sang-ayunan ang iyong kahilingan, maliban sa ilang partikular na sitwasyon kung saan inaatasan kami ng batas na sumang-ayon. Ito ay puwedeng kapag nagbayad ka nang buo mula sa sariling bulsa para sa isang serbisyo at hiniling mo sa amin na huwag ibahagi ang impormasyong iyon sa iyong planong pangkalusugan. Puwedeng tanggiin ng Alliance ang kahilingan kung makakaapekto ito sa iyong pangangalaga, pagbabayad ng mga claim, mahahalagang operasyon, o hindi pagsunod sa mga panuntunan, regulasyon, ahensya ng pamahalaan, kahilingan ng mga tagapagpatupad ng batas, o isang kautusan ng hukuman o pang-administratibong kautusan. Susuriin ng Alliance ang iyong kahilingan at sasabihin nila sa iyo kung tinanggap o tinanggihan ito.
4. Pagkuha ng Mga Talaan ng Kalusugan – May karapatan kang makakita at magtabi ng kopya ng iyong impormasyon. Para makita ang iyong impormasyon, kailangan mong magpadala ng nakasulat na kahilingan at sabihin sa amin ang impormasyong gusto mong makita. Ipaalam din sa amin kung gusto mo itong tingnan, kopyahin, o kung gusto mo ng kopya nito. Pinapayagan kami ng batas ng California na maningil ng makatuwirang halaga sa pagkopya ng mga talaan.

Puwedeng hindi pagbigyan ng Alliance ang iyong kahilingan sa ilang sitwasyon, gaya ng:

- a. Mga tala sa psychotherapy: Ang mga ito ay mga personal na tala ng isang provider ng pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip na nagdodokumento o sumusuri sa mga nilalaman ng isang session ng pagpapayo, na pinapanatili nang hiwalay sa iba pang medikal na talaan ng isang pasyente. Tingnan ang 45 Kodigo ng Mga Regulasyon ng Pederal (Code of Federal Regulations, CFR) 164.524(a)(1)(i) at 164.501.
- b. Impormasyong pinagsasama-sama bilang makatuwirang paghahanda ng o para sa paggamit sa isang pagkilos o paglilitis na sibil, pangkrimen, o pang-administratibo. Tingnan ang 45 CFR 164.524(a)(1)(ii).

- c. Kapag wala ng mga nasabing talaan ang Alliance. Nakikipagkontrata ang Alliance sa mga doktor sa komunidad, grupo ng provider, ospital, at higit pang provider para mag-render ng mga serbisyo sa aming mga miyembro. Ang kumpletong medikal na talaan na nauugnay sa aming mga miyembro ay pinapanatili ng mga nasabing doktor sa komunidad, grupo ng provider, at higit pang provider, at hindi ng Alliance. Posibleng kailanganin mong makipag-ugnayan sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan para makakuha ng mga medikal na talaan.
5. Karapatang humiling ng impormasyon sa pamamagitan ng isang third-party application – Mayroon kang karapatang i-access ang iyong impormasyon sa kalusugan sa pamamagitan ng isang third-party application na pipiliin mo, na pinapayagan sa ilalim ng Mga Panuntunan sa Interoperability at Pag-access ng Pasyente ng pederal.
6. Pagwawasto ng Mga Talaan sa Kalusugan at Claim – Kung sa palagay mo ay nagkamali sa iyong PHI, puwede mo itong ipawasto sa amin. Puwedeng may ilang impormasyon na hindi puwedeng baguhin ang Alliance, gaya ng diagnosis ng doktor, at sasabihin ito sa iyo ng Alliance sa pamamagitan ng pagsulat. Kung ibang tao ang nagbigay sa amin ng nasabing impormasyon, hal., iyong doktor, sasabihin ito sa iyo ng Alliance, at puwede mo itong ipawasto sa kanila. Kung tatanggihan ng Alliance ang iyong kahilingan, ipapaliwanag ng Alliance kung bakit at ipapaalam nila sa iyo kung paano iapela ang pasya.
7. Listahan ng mga pinagbahagian ng mga talaan – Puwede kang humingi sa amin ng listahan ng mga pagkakataong ibinahagi ng Alliance ang iyong impormasyon sa kalusugan, kung kanino ito ibinahagi ng Alliance, at ng maikling paglalarawan ng dahilan. Bibigyan ka ng Alliance ng listahan para sa panahong hiniling mo. Sa ilalim ng batas, ibibigay ng Alliance ang listahan para sa hanggang anim (6) na taon bago ang petsa ng iyong nakasulat na kahilingan. Isasama ng Alliance ang lahat ng paghahayag maliban sa mga para sa paggamot, pagbabayad, at mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan, at ilang partikular na paghahayag, gaya ng kapag ikaw ang pagbahagian ng Alliance, o nang magbahagi ito nang may pahintulot mo. Pakitandaang posibleng may bayad ito.
8. Karapatang makatanggap ng abiso tungkol sa paglabag sa privacy – Ipapaalam kaagad sa iyo ng Alliance kung may paglabag na posibleng nakakompromiso sa privacy o seguridad ng iyong PHI.
9. Karapatang makakuha ng aktwal na kopya ng Abiso ng Mga Kasanayan sa Privacy na ito – May karapatan kang makakuha ng aktwal na kopya ng Abiso ng Mga Kasanayan sa Privacy na ito.

G. Mga Pagbabago sa Abiso ng Mga Kasanayan sa Privacy na Ito

May karapatan ang Alliance na baguhin ang Abiso ng Mga Kasanayan sa Privacy na ito anumang oras sa hinaharap. Hangga't walang pagbabago, inaatasan ng batas ang Alliance na sundin ang abisong ito. Kapag may ginawang pagbabago, ilalapat ang nabagong abiso sa lahat ng PHI na pinapanatili ng Alliance, kailan man ito ginawa o natanggap.

Aabisuhan ka ng Alliance tungkol sa anumang malaking pagbabago at sa kung paano ka makakakuha ng kopya. Magkakaroon ng updated na abiso sa aming website sa www.alamedaalliance.org.

H. Mga Reklamo

Ipaalam sa amin kung mayroon kang anumang reklamo tungkol sa Abiso ng Mga Kasanayan sa Privacy na ito o sa kung paano pinapangasiwaan ng Alliance ang iyong impormasyon:

Attn: Grievance and Appeals Department
Alameda Alliance for Health
1240 South Loop Road
Alameda, CA 94502

Puwede ka ring makipag-ugnayan sa Privacy Officer ng Alliance:

Attn: Compliance Department
Alameda Alliance for Health
1240 South Loop Road
Alameda, CA 94502

Telepono: **1.510.747.4500**

Kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti (CRS/TTY): **711/1.800.735.2929**

Puwede mo ring ipaalam ang iyong reklamo sa Kalihim ng Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao (Department of Health and Human Services, HHS) ng U.S. Hindi kailanman hihilingin sa iyo ng Alliance na hindi gamitin ang mga karapatan mo na maghain ng reklamo. Hindi ka paparusahan o paghihigantihan para sa paghahain ng reklamo.

Para magsumite ng reklamo sa HHS, makipag-ugnayan sa:

Attn: Regional Manager
Department of Health Human Services (HHS) Office of Civil Rights (OCR)
90 7th Street, Suite 4-100
San Francisco, CA 94103

Walang Bayad: **1.800.368.1019**

Fax: **1.202.619.3818**

Email: **ocrmail@hhs.gov**

Online: **<https://ocrportal.hhs.gov/ocr/smartscreen/main.jsf>**

Kung isa kang miyembro ng Alliance Medi-Cal, puwede mo ring abisuhan ang Tanggapan para sa Privacy ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Health Care Services, DHCS) ng California:

Department of Health Care Services Office of HIPAA Compliance
PO Box 997413, MS 4721
Sacramento, CA 95899-7413

Walang Bayad: **1.866.866.0602**

Kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti (CRS/TTY): **711/1.800.735.2929**

Kung isa kang miyembro ng Alameda Alliance Wellness, makipag-ugnayan sa:

Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alameda Alliance Wellness

Pitong (7) araw sa isang linggo, 8 am – 8 pm

Walang Bayad: **1.888.88A.DSNP (1.888.882.3767)**

Kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti, gamitin ang 711 o tumawag sa **1.800.735.2929**

Puwede ka ring maghain ng reklamo sa Medicare tungkol sa iyong mga karapatan sa privacy o anumang isyu na nauugnay sa iyong plano:

Walang Bayad **1.800.MEDICARE (1.800.633.4227)**

Puwedeng tumawag ang mga gumagamit ng TTY **1.877.486.2048**

<https://www.medicare.gov>

Available ang isang pahayag na naglalarawan sa mga patakaran at pamamaraan ng Alliance para sa pagpreserba ng pagkakumpidensyal ng mga talaang medikal at ibibigay ito kapag hiniling.